# Pananampalatayang Nakagagawa ng Katarungan

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Nono Alfonso, SJ
Nobyembre 04, 2023

Ang pananampalataya ay dapat tumatagos sa lahat ng aspekto ng ating buhay. Hindi lamang ito tungkol sa pagdarasal at pagsamba kung Linggo. Saan man tayo pumunta dapat maramdaman ang lalim ng ating pananampalataya. Ang ating Simbahan, na pinamumunuan ng Vatican, ay nakikibahagi sa pandaigdigang isyu. Nakikipag-ugnayan si Pope Francis sa mundo sa pamamagitan ng diyalogo sa mga isyu/hamon na bumabagabag sa sangkatauhan. May panlipunang dimensyon ang ating pananampalataya. Ito ay dumadaloy sa mga kilos at ito ay pananampalatayang nakagagawa ng katarungan.

**1. Mga kontemporaryong suliranin:**

1.1. Ang digmaan sa pagitan ng Israel-Palestine.
1.2. Ang digmaan sa pagitan ng Ukraine at Russia.
1.3. Pagbabago ng Klima.

**2. Katanungan sa Pananampalataya:** Kung titingnan natin ang suliranin ng ating lipunan, ano ang sinasabi ng ating pananalig tungkol dito?

2.1. **Pagpapatawad vs Katarungan**: Sa panahon ng halalang Marcos Jr., may dalawang magkasalungat na pananaw: (a) Hindi siya mananagot sa mga kasalanang nagawa ng kanyang ama. Ang bawat tao'y dapat "Magpatawad, lumimot at magpatuloy!" (b) Paano ang katarungan ng 4,000 taong pinatay at ang maraming "desparecidos"?

2.2. **Kawalan ng pag-asa at Panghihina ng loob**. Noong panahon ng eleksyon, maraming nag-akala na wala ng pag-asa – na wala na ring mababago.
Gayunpaman, sa pagkakaisa, maaaring magkaroon ng pag-asa at magkaroon ng pagbabago.

2.3**. Ang kapalaran ba ng mahirap ay nararapat sa kanila?** Ang tanong ng ibang tao - bakit patuloy pa ring tumutulong ang simbahan sa mahihirap? Dapat silang sisihin sa kanilang kalagayan dahil sila'y tamad. Totoo ba ito?

3**. Kasagutan ng Pananampalataya sa mga Tanong sa Lipunan:** Iugnay natin ang ating pananalig sa mga isyung panlipunan. May katarungan sa Bibliya. Ang natatangi sa kanila ay tungkol sa tamang pakikipagrelasyon .

3.1. **Nagmula ang dignidad ng tao sa Diyos (Genesis 1).** Nilikha ang tao sa larawan at wangis ng Diyos. Ibinalik ng Diyos ang dignidad ng bawat isa sa atin. Hindi ito nilalabag dahil ito'y galing mismo sa Diyos. Ito ang pundasyon ng karapatang pantao sa mundo.

3.2. **Ang Diyos ang tagapagtanggol at tagapagpalaya ng mahihirap (Exodo).** Pinalaya ni Moses ang maliit na grupo ng tao mula sa pagka-alipin sa Ehipto. Sinabi ni Yahweh kay Moses sa pamamagitan ng nagliliyab na mababang punongkahoy, *"…palayain mo sila mula sa labis na kahirapan."* Nakikita ang Diyos sa mga taong walang kapangyarihan ( dukha, ulila, balo, atbp).

**3.3. Ang mga Propeta ay nagtatag ng isang kalipunan ng mga patakaran (Mikas 6:8). "Maging makatarungan sa lahat ng bagay. Patuloy mong ibigin ang iyong kapwa, at buong pagpapakumbabang sumunod sa Diyos."**

3.4. **Dumating si Hesus upang tuparin ang Kanyang pangako**. Sa Kanyang mga turo, pinaalalahanan ni Hesus ang Israel tungkol sa tamang asal sa Lumang Tipan: pakainin ang nagugutom, alagaan ang may sakit…(Mt.25:35).

3**. 5. Sinikap ng mga Apostol na mamuhay ayon sa kanilang turo bilang isang komunidad, ibinahagi ang lahat na mayroon sila (Mga Gawa 2:45).**

**Konklusyon:** Ang ating dignidad ay nagmumula sa Diyos, anuman ang sabihin ng mundo sa atin. Nakikita Niya ang ating puso, hindi ang ating hitsura. Mahal Niya tayo anuman ang mangyari. Ang ating pananampalataya ay ang tanging relihiyon na may sagot sa mga isyung panlipunan.

**Pagninilay:**

1. Paano nakapagbigay sa iyo ng inspirasyon ang mga aral ng Bibliya sa "Pananampalatayang Nakagagawa ng Katarungan?"
2. Nagbibigay ba ang mga ito ng higit na pagpapahalaga sa iyong pananampalataya at pagmamahal sa iyong Diyos?
3. Paano ka nila hinamon?

**Scribes Ministry**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:https://lordsflock.org/digests**
Tags:#Pananampalataya #Hustisya